
4

# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 7: Paggamit ng Pangatnig sa Pagpapahayag ng Saloobin at Karanasan




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q3_Filipino 4_ Module 7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikaapat na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikatlong Markahan – Modyul 7: Paggamit ng Pangatnig sa Pagpapahayag ng Saloobin at Karanasan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Rema V. Montes | Criselda T. Taduran |
| **Editor:** | Laila C. Namoro | |
| **Tagasuri**: | Rechie O.Salcedo | |
| **Tagaguhit:** | Mark Anthony O. Taduran | |
| **Tagalapat:** | Jerome B. Reynes | |
| **Tagapamahala:** | Gilbert T. Sadsad | |
| | Francisco B. Bulalacao | |
| | Grace U. Rabelas | |
| | Ma. Leilani R. Lorico | |
| | Nora J. Laguda | |
| | Jerson V. Toralde | |
| | Belen B. Pili | |
| | Rechie O. Salcedo | |

**Inilimbag sa Filipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region V**
Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Mobile Phone: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

4

# Filipino

## Ikatlong Markahan – Modyul 7: Paggamit ng Pangatnig sa Pagpapahayag ng Saloobin at Karanasan

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Kumusta ang iyong pananatili sa bahay habang sumasagot ng mga modyul? Kaya mo bang isa-isahin ang iyong naging aktuwal na mga karanasan tungkol dito?

Ano naman ang nararamdaman mo kung ang nabasa, napanood at napakinggan mong teksto ay may pagkakatulad sa iyong karanasan? Hindi ba't mapapangiti ka't sabay sambit ng, "hmm... pareho kami..."

Masayang matuto lalo na kung ang aralin ay maiiugnay mo sa sarili mong karanasan. Kung kaya sa modyul na ito ay gagamitin mo ang mga pangatnig sa pagpapahayag ng iyong saloobin at karanasan.

Sa tulong ng modyul na ito, inaaasahan na:

1. **Naiuugnay mo ang sariling karanasan, sa napakinggang teksto.**
2. **Naipakikita mo ang pag-unawa sa pinanood sa pamamagitan ng pagbibigay ng ibang pagwawakas ayon sa sariling saloobin o paniniwala.**
3. **Nagagamit mo nang wasto at angkop ang mga pangatnig na o, ni, maging, man, kung, kapag, pag, ngunit, subalit dahil sa, sapagkat, sa wakas, kung gayon, sa makatuwid, daw, raw, kung sino, kung ano, siya rin, sila rin at iba pa.**



Halika, simulan mo na!

## Subukin

*Subukin mo muna kung madali mong masasagutan ang mga tanong tungkol sa araling pag-aaralan mo sa modyul na ito.*

**A. Panuto:** Pakinggan ang iyong nanay, ate o kuya habang nagbabasa ng teksto.

Sagutin ang mga tanong sa bilang 1-3 kaugnay ng napakinggan. Bilugan ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

Habang pauwi galing sa paaralan ang magkaibigang Yoyong at Boyong ay nadaanan nila ang puno ng bayabas na hitik sa bunga. Nag-uunahan sila sa pag-akyat sa puno upang mamitas ng bunga nito. Bzzzzz, bzzzzz, bzzzzz, narinig nilang ingay sa itaas. "Aray!" sigaw ni Yoyong. "Aray!" sigaw rin ni Boyong. Nakita nila ang nagliliparan at nangangagat sa kanila kaya't dali-dali silang bumaba ng puno.

1. Batay sa iyong karanasan, ano ang kumagat kina Yoyong at Boyong?

A. paruparo B. bubuyog C. alupihan D. langgam

2. Bakit kaya nagmamadali sa pagbaba sa puno sina Yoyong at Boyong?

A. Marami na silang napitas na bayabas
B. Dahil sa mga kumakagat sa kanila
C. Kailangan na nilang makauwi ng bahay
D. Aakyat sila uli sa isa pang puno ng bayabas

Ginabi ng uwi si Cathy dahil sa paggawa ng pangkatang proyekto sa bahay ng kaklase niya. Pagdating sa kanilang bahay ay nakita agad niya ang naghihintay na mga magulang.

3. Ano kaya ang gagawin ng mga magulang ni Cathy sa kaniya?
   A. Pagagalitan siya.
   B. Matutuwa sa kaniya.
   C. Papaluin siya.
   D. Pakakainin siya.

**B. Panuto:** Gamitin ang angkop na pangatnig sa loob ng pangungusap. Bilugan ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

4. Uuwi na si Mama bukas galing Maynila, ___________magkikita na kami.
   A. sa wakas B. kung gayon C. kung sino D. kung ano

5. Hindi pa ____ siya makakauwi bukas dahil may pupuntahan pa siya.
   A. daw B. raw C. sa wakas D. siya rin

6. Sabihin mo lang sa akin _________ ang kailangan mo at bibigyan kita.
   A. kung sino B. kung ano C. raw D. daw

7. Maging ___________ ay nangangailangan din ng tulong natin.
   A. kung gayon B. siya rin C. raw D. daw

8. Puwede po ba pakisauli na, __________ man ang kumuha ng *ballpen* ko?
   A. siya rin B. kung sino C. kung ano D.kung gayon


9. Halika na, kumain na tayo. Sa atin ____ ang mga pagkaing ito.
   A. raw B. daw C. kung ano D. man

10. ___________, kailangan mong kumain ng masusustansiyang pagkain dahil kulang ka pala sa timbang.
   A. Kung sino B. Kung ano C. Kung gayon D. Siya rin

Binabati kita. Natapos mo ang unang pagsubok.
Alamin natin sa pahina 15 ang wastong sagot sa mga tanong.
Saang antas ka nabibilang?

8-10 tamang sagot – NAPAKAHUSAY
5-7 tamang Sagot – MAGALING
1-4 tamang sagot – PAGBUBUTIHAN PA
0 tamang sagot – KAYA MO IYAN





## *Balikan*

Makinig nang mabuti sa iyong nanay, ate o kuya habang binabasa ang teksto sa ibaba. Unawaing mabuti ang iyong mapapakinggan at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang espasyo sa iyong sagutang papel.


"Bilis! Isarado mo ang bintana Andrew! Pinapasok na tayo ng malakas na hangin at ulan. Basa na ang aparador!" sigaw ni Aling Lagring. Tumakbo si Andrew upang takpan ito ng sako, *subalit* nawalan ito ng saysay nang sa kaniyang pagtingala, maliwanag na kalangitan ang kaniyang nakita. Tinuklap ni Rolly ang bubong ng kanilang munting tahanan *dahil sa* napakalakas na hanging dala nito.

1. Ano ang angkop na pamagat ng talatang napakinggan?

2. Ano ang sanhi o dahilan ng pagkatuklap ng bubong ng bahay nila Andrew?

3. Ano ang bunga o epekto ng pagkatuklap ng bubong ng bahay nina Andrew?

4. Bakit kailangan mong maghanda kapag may paparating na bagyo?




## *Tuklasin*

**Simulan mo na!**

Pakinggang muli ang iyong nanay, ate o kuya habang binabasa ang usapan ng magkaibigang Lyndon at Roxanne. Unawaing mabuti ang iyong mapapakinggan at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang espasyo sa iyong sagutang papel.



**Lyndon:** Yehey! May koryente na, *sa wakas* mapapakinggan ko na sa radyo ang modyul para sa linggong ito. *Subalit,* lahat na kaya meron?

**Roxanne:** Oo nga! Hindi pa raw tayo maaaring mag-face to face at papasok sa iskul? Nakaka-miss na rin talaga.

**Lyndon:** Oo nga. Sabi ni Nanay, dahil bumalik na ang koryente pagkatapos ng tatlong bagyong Quinta, Rolly at Ulysses, tuloy na ulit ang *online classes* natin. Maaari din *daw* tayong makinig ng leksiyon sa radyo at *TV*.

**Roxanne:** *Kung gayon*, kailangan talagang may koryente sa bahay para makapakinig ng radyo at makapanood sa *TV* maliban sa *cellphone*.

**Lyndon:** Pero kung wala nito, mas mainam pa rin ang ibibigay na mga modyul ni Ma'am Tere. Basta't alam lang kung kailan kukunin at ibabalik ng ating mga magulang ang natapos nating modyul.

**Roxanne:** Tama! Kailangang sumunod sa nais ng gobyerno bilang pag-iingat sa kalusugan natin. Kaya hindi muna natin makikita ang ating mga guro, kasi *sila rin* ay pinag-iingat din.

**Lyndon:** Oo nga, ito ay *dahil sa Covid 19*. Kailangan talaga natin ang pag-iingat.

**Roxanne:** Kailangan nating manatili sa ating bahay upang sakit ay maiwasan.

*Naiuugnay mo ba ang sarili mong karanasan sa napakinggang usapan nina Roxanne at Lyndie?*

*Napansin mo ba ang nakahilig na mga salitang ginamit upang ipahayag ang saloobin ng magkaibigan?*

*Ano ang tawag sa mga salitang ito?*



**Sagutin Mo!**

1. Tungkol saan ang diyalogong iyong narinig?

2. Paano nakapagpapatuloy ang mga mag-aaral sa panahon ng pandemya?

3. Sa napakinggan mong diyalogo, anong pangyayari ang maiuugnay mo sa iyong sariling karanasan? Isalaysay mo sa iyong kasama sa bahay.

4. Kailangan bang magpatuloy sa pag-aaral sa kabila ng anumang hadlang? Bakit?

5. Kung mapanonood mo sa *TV* ang katulad na kalagayan ng pag-aaral ngayong panahon ng pandemya, ano ang ibibigay mong wakas para rito? Bakit?

6. May ideya ka ba kung ano ang tawag sa nakahilig na mga salita? Kopyahin ito upang higit mong maunawaan ang kahalagahan nito sa bawat pahayag.

## *Suriin*

**Panuto:** Isa-isahin at suriin mo ang bawat pangungusap na hango sa napakinggang teksto ng usapan nina Roxanne at Lyndie.

1. Yehey! May koryente na, *sa wakas* mapapakinggan ko na sa radyo ang modyul para sa linggong ito. *Subalit,* lahat na kaya meron?
   Anong kataga ang nag-ugnay sa dalawang pangungusap?
   **sa wakas**
   Ano ang gamit ng pangatnig na *sa wakas* sa pangungusap?
   **nagbibigay hudyat ng pagtatapos**

2. Hindi pa *raw* tayo maaaring mag-face to face at papasok sa iskul? Nakaka-miss na rin talaga.
   Anong pangatnig ang nag-ugnay sa mga parirala? **raw**
   Ano ang gamit nito sa pangungusap? **ginagaya ang sinabi ng iba**

Anong titik ang sinusundan ng salitang raw sa pangungusap? **A**

Ang titik **a** ay kasama sa mga patinig na a, e, i, o at u.

Kapag nagtatapos sa patinig ang huling titik ng salita susundan ito ng **raw**.

Ginagamit din ang **raw** kapag ang sinusundan nitong salita ay nagtatapos ng malapatinig (Halimbawa, bahay raw, kahoy raw, kalabaw raw atbp.). Gamiting batayan ang tuntuning ipinapatupad at ipinapalaganap ng KWF at SWF.

3. Maaari din *daw* tayong makinig sa radyo at manood sa TV.
   Anong pangatnig ang nag-ugnay sa mga parirala? **Daw**

   Ano ang gamit nito sa pangungusap? **ginagaya ang sinabi ng iba**

Anong titik ang sinusundan ng salitang **daw** sa pangungusap? **N**

Ang titik **n** ay isang katinig.
Kapag katinig ang huling titik ng salita, susundan ito ng **daw.**

Ginagamit din ang **daw** kapag ang sinusundan nitong salita ay nagtatapos ng pantig na ~ra, at malapatinig na ~ray, ~raw (Halimbawa, gitara daw, mataray daw, tamaraw daw atbp.). Gamiting batayan ang tuntuning ipinapatupad at ipinapalaganap ng KWF at SWF.

4. *Kung gayon*, kailangan may radyo at *TV* tayo sa bahay maliban sa *cellphone*.

   Anong pangatnig ang ginamit sa pangungusap? **kung gayon**

   Ano ang gamit nito sa pangungusap? **Ginagamit ito bilang paglilinaw sa isang sitwasyon.**

5. Alam kasi ng pamahalaan *kung ano* ang mga dapat gawin bilang pag-iingat para sa kalusugan natin.


   Anong pangatnig ang ginamit sa pangungusap bilang pang-ugnay? **kung ano**

   Ano ang gamit nito sa pangungusap? **Ginagamit ito bilang paggaya o pagtulad sa mga pangyayari.**

6. Kaya hindi muna natin makikita ang ating mga guro, kasi *sila rin* ay pinag-iingat din.

   Anong pangatnig ang ginamit sa pangungusap bilang pang-ugnay? **sila rin**

   Ano ang gamit nito sa pangungusap? **Ginagamit ito bilang paggaya o pagtulad sa mga tao.**



TANDAAN MO!

Gumagamit tayo ng mga pangatnig sa pagpapahayag ng saloobin at karanasan.

Ang **pangatnig** ay tawag sa mga kataga o litang ginagamit sa pag-uugnay ng dalawang lita, parirala o sugnay na pinagsunod-sunod sa ang pangungusap. Maaaring karagdagan, agkasalungat, pagpapaliwanag, paglilinaw, at gtatapos ng kaisipan.

Ang ***o*** at ***at*** ay nag-uugnay ng mga salita sa pwa salita. Ginagamit ang ***o*** kapag nagsasaad ng gpipili.

**, ni, maging, man**) tinatawag na pangatnig na mukod sa dahil ang pinagbubuklod nito ang ga kaisipang pinag-uugnay.

Ginagamit ang ***at*** kung nais pagdugtungin g dalawang kaisipan.

Ang **ngunit, subalit** ay ginagamit sa pag-ugnay ng dalawang kaisipang magkasalungat.


**Sapagkat, dahil sa** - nagbibigay ng dahilan o katwiran. Ang pangatnig na ***sa wakas*** ay nagbibigay ng pagtatapos sa isang suliranin.

Ang ***raw*** at ***daw*** ay nagpapahayag ng paggaya sa sinabi ng iba. Ginagamit ang ***raw***
kung ang sinusundang salita ay **patinig** ang huling titik at ***daw*** ang gagamitin kung ang huling titik ng sinusundang salita ay **katinig.**

Ang pangatnig na ***kung gayon*** at ***sa makatuwid*** ay ginagamit bilang paglilinaw sa isang sitwasyon.

Ginagamit naman bilang paggaya o pagtulad sa mga pangyayari ang ***kung ano***, at paggaya o pagtulad naman sa mga tao ang ***siya rin*** o ***sila rin.***


Samantalang ginagamit naman ang ***kung sino*** sa pagtukoy sa taong may alam, may gusto, o may ginawang isang bagay.



# *Pagyamanin*

***A. Panuto***

Piliin ang wasto at angkop na pangatnig sa mga talulot ng bulaklak upang mabuo ang diyalogo sa ibaba. Isulat ang inyong sagot sa nakalaang patlang sa bawat bilang.




1. Siya ____ ang bagong guro natin sa Filipino. Mukha namang siyang mabait.

2. Hindi, may pagkamasungit _____ siya sabi ng pinsan ko na naging mag-aaral niya.

3. Talaga? ____________ kailangan nating maging mabait palagi para hindi tayo mapagalitan.

4. Basta igalang natin siya kahit ano pa siya, kasi _________ ay pangalawa nating magulang dito sa paaralan.

5. Tama! _________ man, siya o sino man siya, siguradong may matututuhan tayo sa kaniya.

6. Magpasalamat tayo dahil ___________ may guro na tayo sa Filipino.

**B. Panuto:** Panoorin ang iyong nanay kung anong proseso o mga hakbangin ang kaniyang ginagawa sa paglalaba. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang espasyo sa sagutang papel. Gawin ito sa pamamagitan ng pagsagot sa mga gabay na tanong sa ibaba gamit ang mga pangatnig.

**Gabay na tanong:**

1. Ano ang mga hakbang na ginawa ng nanay mo sa paglalaba?

2. Ayon sa iyong saloobin o paniniwala hinggil sa prosesong ginawa ng iyong nanay sa paglalaba.

3. Dugtungan:
   Sa wakas, ____________________________________________.

Ang galing naman! Natapos mo ang mga pagsasanay.

Saang pagsasanay ka ba nahirapan? Pagsasanay A, o Pagsasanay B

Gayunpaman, binabati kita sa iyong tagumpay.






## *Isaisip*

Punan ang sumusunod na talahanayan. Isulat ang iyong sagot sa nakalaang espasyo.

| Ano ang iyong mga natutuhan? | Gaano ito kahalaga? |
|---|---|
| | |
| | |

## *Isagawa*

**Panuto:** Makinig o manood ng balita sa *TV* tungkol sa napapanahong isyung pangkalusugan o pang-edukasyon. Iugnay mo ang sariling karanasan at bigyan ito ng sariling pagwawakas ayon sa iyong saloobin o paniniwala. Gamitin ang rubrik sa ibaba bilang gabay sa pagsagot ng gawaing ito. Isulat sa nakalaang espasyo ang iyong sagot.



**Rubrik sa Pagbibigay ng Ibang Wakas**
**Ayon sa Sariling Saloobin o Pananaw**

Ito ang batayan sa pamamamarka sa gawaing pagsulat

| **5**<br>**Napakagaling** | **2**<br>**Magaling** | **1**<br>**Magsanay pa** |
|---|---|---|
| Malinaw na malinaw na naiugnay ang sariling karanasan, nakapagbigay ng sariling wakas at nagamit nang wasto ang pangatnig mula sa balitang napakinggan o napanood sa *TV/radio.* | Malinaw na naiugnay ang sariling karanasan, nakapagbigay ng sariling wakas at nagamit nang wasto ang pangatnig mula sa balitang napakinggan o napanood sa *TV/radio.* | Hindi malinaw na naiugnay ang sariling karanasan, nakapagbigay ng sariling wakas at nagamit nang wasto ang pangatnig mula sa balitang napakinggan o napanood sa *TV/radio.* |

**Magaling!** Matapos mong sagutin ang lahat ng mga pagsasanay, tingnan kung ito ay tama o mali sa Susi sa Pagwawasto sa pahina 15 ng modyul na ito

## *Tayahin*

**A. Panuto:** Pakinggan ang iyong nanay, ate o kuya habang nagbabasa ng teksto. Sagutan ang mga tanong kaugnay ng napakinggan. Bilugan ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

Sabik na sabik na isinukat ni Arthur ang sapatos na padala ng kaniyang tatay na galing sa Saudi subalit masikip ito sa kaniya. Sinabi ng kanyang nanay na ibigay na lang niya ito sa kaniyang nakababatang kapatid. Hindi kumibo si Arthur.

1. Ano kaya ang naramdaman ni Arthur nang malaman niyang masikip ang sapatos na padala ng tatay niya sa kaniya?

A. natuwa
B. nalungkot at nanghinayang
C. nagulat
D. naiyak

2. Anong pangatnig ang nabanggit sa teksto?

A. subalit
B. masikip
C. kanya
D. siya

Sumama si Bryan sa kanyang tatay upang magtanim ng mais sa kanilang bakanteng lote. Sa kanilang paglalakad, napaatras ang tatay niya sabay sabi: “Ahas! Huwag kang gagalaw.”

3. Ano ang naramdaman ng mag-ama nang makita nila ang ahas sa daan?

A. natawa C. nagulat at natakot
B. natulala D. nabigla at nagalit

4. Anong pangatnig ang ginamit sa teksto?
A. upang B. lote C. sabay D. mais

5. Pinagkalooban tayo ni Mayor ng libreng masasakyan, __________ makakauwi na tayo sa ating probinsya.
A. kung ano B. kung sino C. siya rin D. sa wakas

6. Bilang nakatatanda mong kapatid, ________ ay dapat mong igalang.
A. siya rin B. kung gayon C. daw D. raw

7. Hindi pa siya bumabangon sa higaan kasi masakit _____ ang ulo niya.
A. raw B. daw C. kung sino D. kung ano


8. Dumating _____ ang bisita handa na kami.
A. raw B. man C. din D. kung
9. ______ang hinihingi ng anak mo, iyon lang ang ibigay mo.
A. Kung sino B. Kung ano C. Kung gayon D.Kung saan

10. Gusto niyo bang manood ng sine _____mamasyal sa plasa?
A.man B. o C. daw D. raw

Ang galing mo, Kid! Nasagutan mo lahat ang mga pagsasanay. Iwasto mo ang iyong mga kasagutan sa pahina 15 ng modyul na ito.

Anong naramdaman mo matapos malaman ang resulta ng iyong pagsisikap?

☹ ☺ 😐



## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Sa gabay ng iyong magulang, panoorin ang pelikulang Tagalog na "Sarah, Ang Munting Prinsesa", na ipinalabas noong taong 1995. Unawaing mabuti ang buong pelikula. Sagutin ang mga tanong sa ibaba at isulat ito sa nakalaang espasyo sa inyong sagutang papel. Sikapin ding gamitin ang wastong pangatnig sa inyong sagot.

**Sagutin Mo**

1. Anong pamagat at tungkol saan ang pelikulang napanood mo?

2. Ano ang naging wakas ng napanood mo?

3. Batay sa iyong sariling saloobin at paniniwala, kung ikaw mismo ang magbibigay ng wakas sa pelikulang iyong napanood, ano ito? Bakit?

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

| | |
|---|---|
| 1. B | 6. B |
| 2. B | 7. B |
| 3. A | 8. B |
| 4. A | 9. B |
| 5. B | 10. C |

**Balikan**

1. Bagyo/Rolly
2. Natuklap ang bubong nila Andrew dahil sa napakalakas na hangin dulot ng bagyong Rolly
3.Ang naging bunga ng pagkakatuklap ng bubong ng bahay nila Andrew ay pinasok sila ng malakas na hangin at ulan at nabasa ang kanilang aparador at mga gamit.
4. Kailangan nating maging handa kapag may bagyo upang maiwasan na mabasa ang mga gamit at manganib ang ating buhay.

**Tuklasin**

1. Ang usapan nina Lyndie at Roxanne ay tungkol sap ag-aaral sa kabila ng pandemya.

2. Sa pamamagitan ng pakikinig sa radio, panonood sa TV at pagsagot sa modyul.

3. Opo, kailangang magpatuloy sap ag-aaral sa kaboila ng pandemya upang patuloy na may matutunan ang mga bata kahit nasa loob lamang ng bahay.

4. Ang ibibigay kong pamagat ay Liwanag sa Dilim dahil ang pag-aaral ay isang pag-asa o liwanag sa kabila ng dilim na ating nararanasan dahil sa pamdemya.

5. Sa wakas, subalit, kung gayon, raw, daw, kung ano, sila rin at dahil sa. Ito ang mga salitang nakahiling sa teksto at ang tawag rito ay mga pangatnig.

**Karagdagang**

**Kaligtasan sa Pagkain**

Paano malalaman na malinis ang pagkain? kailangang alamin ng bawat mamamayan kung paano mananatiling malinis **o** ligtas ang pagkain **na** ihahain sa pamilya. Kailangan hugasan muna ang mga ito bago ikunsumo katulad ng gulay, prutas at karne. **Maging** mapanuri rin ang mga mamimili lalo na sa expiration date gayundin ang mga sangkap na binibili sa grocery. **Dahil sa,** kung hindi tayo mag-iingat siguradong malalagay sa piligro ang mamamayan.

**Kung gayon** maging maingat sa pamimili at maging masinop sa paghahanda sa pagkain upang maiwasan ang sakit at mas malalang problema.

**Isaisip**

**Ano ang al**

Ang natutu
pangatnig,
mga haliml

**Pagyamanin**

**A.**

1. raw
2. daw
3. kung gayon
4. siya rin
5. kung ano
6. sa wakas

B.

1. Una, kinuha ni nanay ang mga maruruming damit.Pangalawa, pinaghiwalay niya ang dekolor at puti.Pagkatapos, nilagyan niya ng tubig ang batya at nilagyan ng powder na sabon.Nilabhan at binanlawan ng 3-4 na beses saka isinampay.Sa wakas, mabango at malinis ang damit na aming gagamitin.

2. Dahil sa prosesong ginawa ni nanay mabango at malinis ang damit na aming gagamitin.

3. Sa wakas, mabango at_malinis ang damit na aming gagamitin.

1. B.
2. A
3. C
4. A
5. D
6. A
7. B
8. B
9. B

**Sanggunian:**

Lydia P. Lalunio, Ph.D., Francisco G. Ril, at SD Publications, Inc., 2010, Hiyas sa Wika 5 p. 174

Lydia P. Liwanag, Ph.D. at EduResources Publishing Inc.2011, Landas sa Wika 6 p. 198

Sancho C. Calatrava, Yaman ng Lahi 4 Wika at pagbasa. LM at TG, Sunshine Interlink Publishing House, Inc (Deped.IMS)

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph